THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#568 JUNE 1- 15, 2026 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Pinay writer nagwagi sa 2026 CBC Short Story prize



***Ang Filipino Canadian na si Larah Luna ang nanalo sa 2026 CBC Short Story Prize***

**Pinay na ipinanganak sa Pilipinas** at lumaki sa Manitoba ang nanalo sa CBC Short Story Prize para sa taong ito 2026.

Siya ay si Larah Luna, isang communications at marketing professional na nakabase sa Vancouver. Ang istorya ng Filipina Canadian na pinamagatang ***A Season of Crows*** ang napiling winner ng mga hurado na sina Maria Reva, Terry Fallis at Tracey Lindberg.

Ang mga hurado ay pumili ng winner mula sa halos 3,000 submissions ang lumahok para sa taong ito. Ang mga isinumite na maikling kuwento ay hinusgahan batay sa paggamit ng wika, originality ng paksa at istilo ng pagsusulat.

Ang apat na iba pang finalist ay sina: Amber Allen ng Guelph, Ont. para sa ***Pattern Recognition.*** Kate Cayley ng Toronto para sa ***Anniversary***; Carrie Mac ng Vancouver para sa ***How to Break Up with a Monster*** at Andy Stefan ng Ottawa para sa ***Low Water*** .

Ang ***A Season of Crows*** ay tungkol sa isang maliit na bayan na natutong mamuhay kasama ang mga uwak na dumadayo sa bayan.

Si Luna ay nag-uwi ng $6,000 mula sa Canada Council for the Arts, isang dalawang linggo na writing residency sa Banff Centre for Arts and Creativity at inilathala ang kanyang istorya sa CBC Books.

Nang tanungin ni Mattea Roach sa isang panayam sa programang Bookends kung ano ang naramdaman pagkatapos ng kanyang panalo, sinabi ni Luna na siya ay nabigla.

I'm shocked and stunned but in a very good way. Being able to submit this story even in the very beginning, like I just didn't know where it was going to go. It was the first time that I have publicly shared some personal creative writing, aniya.

Isang karangalan aniya ang mapabilang sa mga magagaling na manunulat. It's thrilling and it is such an honour just being in the companion of so many other talented writers out there. So I'm just really, really honoured and just awestruck.

Kuwento rin ni Luna kay Roach na isang kaibigan ang humikayat sa kanya na sumali sa CBC Short Story Prize. At sa katunayan, isinumite niya ang maikling kuwento kalahating oras bago ang deadline. Ngunit ang istoryang ito ay matagal nang namamalagi sa kanyang isip at siya ay natutuwa, na sa wakas, nadala na niya ito sa finish line.

**Mga uwak sa kalangitan**

Nang tinanong ni Roach kung bakit mga uwak ang napili ni Luna na maging sentro ng kanyang kuwento, sinabi niya na nagmula ito sa isang karanasan noong kanyang kabataan.

Nag-migrate si Luna sa Canada noong siya ay 10 taong gulang at lumaki sa Manitoba. Dito niya unang nakita ang pagtitipon ng mga uwak sa kalangitan sa panahon ng taglagas, isang imahe na hindi niya nakalimutan hanggang sa pagtanda.

Ang imahe na ito na kinatakutan niya noong siya ay bata pa ang nag-udyok din kay Luna na maging curious para malaman ang higit pa tungkol sa mga ibon na ito. Sinabi niya kay Roach, You know you were saying about [the crows] like how it even seems so foreboding and scary, that's how I felt. But I think as a child it also just drove that curiosity in me to find out more about it.

Sinabi rin ni Luna sa panayam ni Daphné Santos-Vieira ng CBC Books na ang pagpanaw ng kanyang ina at ang kalungkutan na kanyang naramdaman ay hinubog din ang istorya. Kuwento ni Luna sa CBC Books, "The story was also shaped by my own experience of grief after the loss of my mother, and the sense that it doesn't simply disappear, but settles into the world around us. From there, the story grew into an exploration of how memory, loss and place become intertwined." - ***RCI***



# Itinakda ang petsa ng paglilitis kay Duterte para sa krimen laban sa sangkatauhan

Ang mga hukom sa International Criminal Court (ICC) itinakda ang Nobyembre 30 bilang start date para sa paglilitis sa dating pangulo ng Pilipinas na si Rodrigo Duterte, na kinasuhan ng mga krimen laban sa sangkatauhan dahil sa kanyang nakamamatay na war on drugs.

Kinasuhan ng ICC si Duterte, 81-anyos, ng tatlong counts of crimes against humanity kaugnay ng pagpatay sa hindi bababa sa 76 katao at attempted murder ng dalawa pang indibidwal.

Sinabi ng prosekusyon na ang umano'y krimen ay naganap sa loob ng anti-narcotics campaign ni Duterte, na sinasabi nila ay pinatay ang libo-libong sibilyan sa pagitan ng 2016 at 2022.

***May mga grupo na ipinanawagan sa ICC na ipaaresto ang ibang co-perpetrators ni Duterte.***



***Ang dating pangulo ng Pilipinas na si Rodrigo Duterte noong Nobyembre 2024***

Si Duterte na winaive ang kanyang karapatan na maging present sa pagdinig kamakailan, ay matagal nang iginiit na inutusan niya ang pulis na pumatay lamang in self-defence at palaging ipinagtatanggol ang crackdown.

Inaresto si Duterte at dinala sa The Hague noong Marso 2025 at nakakulong hanggan ngayon sa detention centre ng ICC.

Sinabi ng mga abogado para sa dating pangulo na siya ay unfit upang humarap sa paglilitis dahil sa cognitive decline, ngunit ang korte nagdesisyon sa ngayon na kaya niyang sundan at mag-participate sa mga pagdinig na may kaunting adjustment sa sitting times.

***ICC dedesisyunan ang apela kung may kustodiya ito sa kasong isinampa kay Duterte***

Ang mga paglilitis sa ICC, ang permanenteng war crimes court ng mundo, sa pangkalahatan ay nagtatagal ng maraming taon bago umabot sa isang hatol.

**Kung mahahatulan, si Duterte ay nahaharap sa pinakamababang sentensya na habambuhay na pagkakakulong.** - *RCI*




TalibaFlipzMedia

**Photography Services**

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo




**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

# Binasura apela ni Duterte laban sa confirmation of charges

**HAGUE** — Sa 12-pahinang desisyon na inilabas ng ICC Pre-Trial Chamber I, nagkakaisang tinanggihan ng mga hukom ang kahilingan ng defense panel.

Ang desisyon ay nilagdaan nina Presiding Judge Iulia Antoanella Motoc, Judge Reine Adélaïde Sophie Alapini-Gansou at Judge María del Socorro Flores Liera.

Ikinatwiran ng abogado ni Duterte na si Nicholas Kaufman na nagkamali ang chamber sa pagkumpirma ng mga kaso laban sa dating pangulo.

Sinabi ng depensa na pinahina ng desisyon ang karapatan ni Duterte na malaman ang lahat ng mga alegasyon laban sa kanya.

Ikinatwiran na nabigo ang chamber ipaliwanag nang maayos kung papaanong ang kanilang 'factual findings' ay sinuportahan ng ebidensya.

Sinabi naman ng prosekusyon na inilatag lamang ng chamber ang mga parameters ng mga kaso na naaayon sa ICC jurisprudence. - PiINAS NEWS

# Posibleng palitan ni Sherwin Gatchalian si Alan Peter Cayetano bilang Senate President

Naghahanda na si Sen.Sherwin Gatchalian na pamunuan ang Mataas na Kapulungan ng Kongreso sakaling piliin ng kanyang mga kasamahan bilang kapalit ni Senate President Alan Peter Cayetano.

Ginawa ni Gatchalian ang pahayag sa gitna na patuloy na usapin ng pagpapalit sa liderato ng Senado, sapul nang ikudeta ni Cayetano si dating Senate President Vicente "Tito" Sotto III.

Ayon kay Gatchalian, sa tingin niya sapat na ang kanyang napakahabang karanasan sa Senado, kabilang ang paghawak ng malalaking komite, para pamunuan ang Mataas na Kapulungan.

"10 years na tayo sa Senado, naging chairman tayo ng Economic Affairs Committee, Energy Committee, Basic Education Committee, Ways and Means na medyo kumplikado at pinakahuli `yung finance. At tingin ko marami naman na tayong natutunan sa Senado lalo na `yung mga kumplikadong committee. Kaya kung handa, handa talaga," ani Gatchalian sa isang panayam nitong Biyernes, Mayo 22.



**Cayetano**



**Gatchalian**

"Ako naniniwala naman ako na may God's will at God's time. Ako naniniwala ako talaga dyan. `Pag talagang plinano `yan sa iyo ng Diyos, dadating at dadating `yan," sabi pa niya.

Kabilang si Gatchalian sa 11 miyembro ng minority bloc na bumoto laban laban laban kay Cayetano.

Sa kasalukuyan, 12 na ang ang miyembro ng majority bloc na pinamumunuan ni Cayetano dahil muling nagtago si Senador Ronald "Bato" dela Rosa matapos dumalo sa sesyon noong Mayo 11 para lang ikudeta si Sotto.

- ABANTE News




# Impeachment trial ni VP Sara kasado sa Hulyo 6



*Vice President Sara Duterte*

**PILIPINAS** — Maaari nang magsimula ang impeachment trial ni Vice President Sara Duterte sa Hulyo 6, ayon kay Sen. Erwin Tulfo nitong Huwebes.

Sinabi ni Tulfo na may 10 araw para sumagot ang Bise Presidente sa Articles of Impeachment na ipinadala sa kanya kamakalawa samantalang may limang araw naman para tumugon ang prosekusyon o mga kinatawan ng House of Representatives sa trial.

"After 10…calendar days, hindi working days na mag-comply si VP Sara… sasagot yung prosecution na five days. After that, yun na yung mga pre-trial, yung mga marking of pieces of evidence. So we are looking at around talaga na mga July 6 mag-uumpisa na ang ika nga trial," ani Tulfo sa phone patch interview ng Senate media.

Mas mapapaaga aniya ang trial sa halip na mag-sine die adjournment ang Senado kaya magkakaroon na ng trial bago ang State of the Nation Address ni Pangulong Ferdinand Marcos sa Hulyo 27, 2026.

Napagkasunduan sa isinagawang caucus ng mga senador kamakalawa na gagawin ang kanilang regular session mula alas-10 ng umaga hanggang ala-una ng hapon at magkakaroon ng isang oras na break at isusunod na kaagad ang impeachment trial.

"Break po ng one hour, 2 o'clock one to sawa ayun na po yung trial," sabi pa ni Tulfo.

Pareho rin aniya ang mangyayari tuwing Martes at Miyerkules kung saan magkakaroon din ng trial. Pero tuwing Huwebes aniya ay walang trial at doon gagawin ang mga committee hearings at magkakaroon din ng sesyon.

"So tuluy-tuloy po. Bale, five days na po 'yung work natin. Magiging day off lang po ng mga senador tuwing Saturday, Sunday," sabi pa ni Tulfo.


Tiniyak ni Tulfo na bibigyan ng kopya ang media at isasapubliko ang napagkasunduan 'kalendaryo' para sa trial.

Base sa legislative calendar, nakatakda sanang magsimula ang sine die adjournment ng Kongreso sa Hunyo 6 hanggang Hulyo 26, 2026.

- Pilipino Star Ngayon

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# VR Stones & Quartz Inc.

***VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.***

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone s dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you re eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.



*Cabinet & Countertop Store*

With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room s size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!



***VR STONES & QUARTZ INC., YOUR COUNTERTOP EXPERT!!!!***

**For More Information CALL: 647-877-6133**

# Poilievre sinabing mangangampanya ang Conservatives para manatili ang Alberta sa Canada

## *Ang ilang grupo sa Alberta nais humiwalay ang probinsya sa Canada*




**Conservative Leader Pierre Poilievre.**

"Sinabi ni Conservative Leader Pierre Poilievre na nais niyang manatili ang Alberta sa loob ng isang nagkakaisang Canada at dagdag pa niya, ang Conservatives ay sisimulan ang pangangampanya sa Alberta araw-araw sa bawat paraan upang ang bansa ay magkaisa ukol sa pag-asa."

# Carney sinabi na ang Alberta ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng Canada



## *Sinasabing mayroon mahigit kumulang 48,000 diumano ang mga Filipino - Canadian ang naninirahan sa Alberta*

**Sinabi ni Prime Minister Mark Carney na ang Alberta ay mahalaga upang maging mas maunlad ang Canada, isinusulong ang pagkakaisa ng bansa sa gitna ng nabuhay na takot sa separasyon.**

Huminto si Carney upang magbigay ng pahayag sa camera habang binibisita ang Centre Block ng Parlamento, na nasa gitna ng malaking renovations.

We're renovating the country as we go, aniya. And Alberta being at the centre of that is essential.

Ang paparating na botohan binigyan ng malaking pressure si Carney na panatilihing nagkakaisa ang bansa habang iniiwasang mas tumindi ang alitan sa rehiyon.

Ang trabaho na iyon naging mas mahirap matapos sabihin ni Smith sa mga taga-Alberta na sila ay makakaboto sa Oktubre sa tanong na: ***Should Alberta remain a province of Canada or should the Government of Alberta commence the legal process required under the Canadian Constitution to hold a binding provincial referendum on whether or not Alberta should separate from Canada?***

Nakatayo sa rotunda ng Library of Canada, sinubukan ni Carney na pahupain ang sitwasyon sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga kontribusyon ng Alberta sa Canada mula sa sining, literatura, musika, pulitika at isports.

Canada is the greatest country in the world, but it can be better. And we're working on making it better. We're working with Alberta on making it better, aniya, tinutukoy ang energy deal na nilagdaan niya at ni Smith noong nakaraang linggo lang.

Ang sentimyento sa separasyon ng Alberta ay lumaki sa loob ng maraming taon, dahil sa frustrations sa approach ng Canada sa energy development at posisyon ng probinsya sa pederasyon.

Si Smith, na sinabing boboto siya upang manatili ang Alberta sa Confederation, pinuri ang approach ni Carney sa mga proyekto sa enerhiya kumpara sa kanyang predecessor ngunit patuloy pa ring itinulak ang botohan upang marinig ang boses ng Albertans.

Sinabi ni Carney na makikipagtulungan siya kay Smith, Opposition Leader Pierre Poilivere, na hawak ang isang rural Alberta seat, at mga taga-Alberta mula sa lahat ng antas at uri to continue to make progress.

Sinabi ni Poilievre na ang kanyang partido ay mangangampanya upang manatili ang Alberta sa Canada.

***I want a strong Alberta within a united Canada, and all Conservatives will be campaigning for Canadian unity in Alberta***, aniya. *- RCI*



# First Nations chiefs pini-pressure ang Alberta na wakasan ang debate sa separasyon

Mahigit isang dosenang First Nations chiefs at mas marami pang band councillors at elders ang nagtungo sa lehislatura ng Alberta kamakailan, nanawagan sa gobyerno ni Premier Danielle Smith na ibasura ang pagnanais ng probinsya na humiwalay sa Canada.

Our rights are being minimized, sinabi ni Confederacy of Treaty 8 First Nations Grand Chief Trevor Mercredi sa mga reporter.

Our people are being minimized at every level.

Ang mga komento ay dumating matapos manawagan ang First Nations chiefs sa buong probinsya sa mga miyembro ng lehislatura na magsagawa ng isang non-confidence vote laban sa gobyerno dahil sa kung paano nito hinarap ang separatist movement.

Naghain ng mosyon si Opposition NDP Leader Naheed Nenshi na magsagawa ng naturang botohan, ngunit ito ay mabilis na ibinasura ng majority United Conservative Party government ni Smith.

Tinawag ito ni Government House leader Joseph Schow na isang political stunt at kinuwestiyon kung naniniwala si Nenshi sa direktang demokrasya.

Who do you think you are ... to say Albertans don't have a right to have their voices heard? ani Schow sa house.

Ang mga chief at iba pang mga lider na Indigenous sa gallery ipinahayag ang kanilang frustration bago umalis, ang ilan ay sumigaw sa mga politiko sa ibaba na kondenahin ang separatismo.

Sinabi ni Cold Lake First Nations Chief Kelsey Jacko pagkatapos ng non-confidence vote na ito ay isang pagtatangka to hold the premier to account.

No matter what we say, [Smith] doesn't seem to hear us, ani Jacko sa labas ng lehislatura.

We have been trying to work with her and [her caucus] for years now. She keeps saying we have a great relationship. But how do you have a great relationship with someone who doesn't listen?

Sinabi ni Mercredi na alam niyang hindi papasa ang boto ngunit importante na manindigan.

We knew what [we were] in for when we came to this legislature, aniya.

We've seen it time and time again — the disrespect that the MLAs have for our people in those rooms when they're yawning, texting, leaning back on their chairs [and] smiling. It's very unprofessional.

Ang mga lider na Indigenous ay tutol sa separatist movement sa Alberta. Maraming First Nations ang humahon sa batas ng probinsya sa korte na pinahihintulutan ang mga citizen-led na petisyon na nais magkaroon ng referendum votes, tulad ng nagpapatuloy na kampanya upang ilagay sa balota ang separasyon.

Habang maraming lider na Indigenous ang nasa Edmonton, ang iba ay nagbiyahe patungong Inglatera, kung saan ang isang delegasyon mula sa Confederacy of Treaty Six First Nations ay nakatakdang makipagkita kay King Charles.

### Karapatan na mag-engage

Sinabi ni Grand Chief Joey Pete sa isang news release na plano niyang pagdiskusyonan ang pagsulong sa separasyon kay King Charles at remind [him] that our relationship is not with provinces or Canada — it is with the Crown.

Treaties are recognized in international law and any attempt to override them is a violation of the original agreements made between First Nations and the Crown, ayon sa release.

Hindi available si Pete para sa interbyu, at ang Buckingham Palace ay hindi kaagad tumugon sa hiling na magkomento.

Tinawag ito ni Alberta Indigenous Relations Minister Rajan Sawhney na isang tremendous opportunity para sa delegasyon na makipagkita sa Hari.

First Nation leaders have a right to engage with the Crown, ani Sawhney. I think it's totally fine that they're doing so.

Sinabi ni Sawhney na siya ay umaasa na makilala ang ilang lider sa lehislatura at naniniwala siya na tinutugunan niya ang kanilang mga alalahanin tungkol sa separation movement.

I do engage on a regular basis, and I always do affirm that the Constitution is the highest law in the land, and Section 35 rights which protect treaty rights] are entrenched in the Constitution, aniya.

There's no legislation, policy or decision that will ever supersede that. *- RCI*



***Grand Chief Trevor Mercredi nagsasalita kasama ang First Nations chiefs, band councillors at elders sa labas ng lehislatura ng Alberta***

# FILIPINO-CANADIAN COMMUNITY JUNE EVENTS IN ONTARIO




By: Tony A. San Juan, OCT.

**June 3. " 3rd Annual Filipino Heritage Month Celebration at Queen's Park",** hosted by Filipinos in the 6ix, and supported by MPP for Scarborough-Guildwood Andrea Hazell at the Legislative Assembly of Ontario, Rooms 228/230, 4:30 pm. ( To RSVP, please email the full names of all attendees to: events@filipinosinthe6ix.com)

**June 6. "Filipino Community Day: Salosalo sa Earl Bales Park", in Celebration of Philippine Heritage Month**, by the Philippine Independence Day Council( PIDC), the Philippine Consulate General in Toronto, and other Filipino community organizations, Earl Bales Park, Toronto from 8:30 am to 8:30 pm. (Potluck Event)

**June 6. " Inauguration of Philippine Park: Barrio Pista",** hosted by the Philippine Park Association-Mississauga(PPA) in collaboration with community partners, at 2380 Matheson Boulevard East, Mississauga, Ontario, from 8:00 am to 7:00 pm. ( Free Event).

**June 6-7. " Pinoy Fiesta & Trade Show-Toronto", Makisaya Maki-fiesta at Makitulong** , by the Philippine Canadian Charitable Foundation( PCCF), Albert Campbell Square, 150 Borough Drive, STC Area, Scarborough( Free Admission).

**June 7. "128th Philippines Independence Day Celebration: Flag Raising Ceremony and Program",** by the Markham Federation of Filipino Canadians, at MFFC Community Centre,1151 Denison Ave., Markham, from 11:00 am to 3:30 pm.

**June 12, 13, & 14. " Izzy Schooner Restaurant and Patio Lookout Grand Opening"** by Silas O. Tupe and family, at 35 Robinson St., Port Burwell, ON N0J 1T0.

**June 13. "City of Vaughan Flag Raising Ceremony", in celebration of Filipino Day**, by the City of Vaughan Filipino Day Planning Committee ( Erlinda Insigne-Chair), at 10:00 a.m. at Vaughan City Hall, Vaughan, ON.

**June 13. Two Screenings of a Fil-Can Film Feature: "Temptations of a Hero-Kailan Tama Ang Mali",** MVF Production, at 6:00 PM and 9:00 PM, XINFLIX Theatre, Unit 7,8,9, Bentley St. Markham, ON. (Ticket Price:$25)

**June 13. "43rd Philippines Independence Day Gala: A Celebration of Heritage, Culture, Unity and Community",** by Kalayaan Filipino Cultural Organization( KFCO) at Mississauga Grand Banquet and Event Centre, 35 Brunel Road, Mississauga.

**June 13-14. "Ottawa Fiesta Extravaganza 2026", Festival of Smiles, Sayaw at Saya, Celebrating Filipino Heritage( Indoor Festival),** by Philippine Extravaganza, Arts, Culture and Heritage( PEACH), at Cohere Centre, 4899 Uplands Drive, Ottawa.

**June 18. "Filipino-Canadian Community Townhall: Conversations About the Future of Ontario",** hosted by poliitical and community leader Paul Jonathan Saguil, at the Soulpepper Theatre Co, 50 Tank House Lane, Toronto, from 6pm- 8 pm(Free Event ), https://www.eventbrite.com/e/filipino-canadian-community-town-hall-tickets-1985333569149.

**June 19. "Toronto Canadian Immigrant Newcomer Fair"**, By Canadian Immigrant Magazine at the Metro Toronto Convention Centre, Toronto, from 10 AM - 3 PM ( free fair includes hiring employers, a Resumé Clinic, educational institutions, settlement service providers,& speaker sessions.) Everyone is welcome!

**June 19-21 "Toronto Fiesta Extravaganza 2026",** Festival of Smiles, Saya at Saya, Celebrating Filipino Heritage, by Philippine Extravaganza, Arts, Culture and Heritage( PEACH), 1005 Brimley Road, Scarborough,Toronto.(Free Event)

**June 20. "Wreath Laying Ceremony: Jose Rizal's 165th Birth Anniversary",** by Markham Federation of Filipino Canadians( MFFC) and community organizations, Luneta Gardens, Box Groove ByPass, South od Highway 407, North of 14 Avenue, & West of Rizal Ave., Markham at 10:30 AM.

**June 26 to 28. "3rd Annual Filipino Heritage Hoop Fest: A weekend of basketball, culture, and community",** by Filipinos in the 6IX at Havergal College, 1451 Avenue Rd,, Toronto. International teams are welcome. Registration Fee: CAD $700 / Registration Deadline: June 21, 2026. Registration Link: https://www.filipinosinthe6ix.shop/products/filipino-heritage-hoop-fest-2026-registration

**June 27. " Laureate Link: Ideas. Influence. Impact"**, a special gathering of laureates and awardees, by the Golden Balangay Foundation(GBF) at TED Rogers Commons, 7th Floor, 55 Dundas Street West, Toronto,from 3:00 pm to 6:00 pm.( a minimum contribution of $50.)

**June 27. " 9th Migrant-Caregivers Day 2026", Fun and Creative Outdoor Activities**, by Canadian Caregivers Assistance Organisation, Inc. (CCAO) at Earl Bales Park, Toronto, from 9:00 AM to 7:00 PM. ($15 Fee).

**June 27. "25th Founding Anniversary Celebration",** by the Philippine Teachers Association of Canada( PTAC) at QSIS Banquet Halls, Scarborough, Toronto, from 5:00 to 11:00 pm. ($55 per person).

# Hukom ibinasura ang petisyon sa paghiwalay ng Alberta dahil kulang sa Indigenous input


## Inilabas ang desisyon ng hukom sa paglaban ng First Nations sa Alberta separation referendum

***Ibinasura ng isang hukom sa Alberta ang approval ng provincial chief electoral officer sa isang petisyon na nais magkaroon ng referendum tungkol sa paghiwalay ng probinsya sa Canada.***

***Ang isang dahilan kung bakit ibinasura ang approval ay dahil napagtanto ng hukom na nabigo ang probinsya sa tungkulin nito na konsultahin ang mga aplikante: Athabasca Chipewyan First Nation, Blood Tribe, Piikani Nation at Siksika First Nation.***






## John 3:16

***"For God so loved the world that he gave his one and only Son, that whoever believes in him shall not perish but have eterrnal life."***

***The new world is not a dream it's a promise.***

***And Jehovah, who brought you this far, will make sure you see it with your own eyes***




# The Devil

Has come down to you

Having great anger

Knowing that he has a

Short period of

## Time.


Revelation 12:12

## 1 Corinthians 15:58

*"Therefore, my beloved brothers, **be steadfast, immovable, always having plenty to do in the work of the Lord**, knowing that your labor is not in vain in connection with the Lord."*

---

**UNTIL WE REACH THE NEW WORLD**



# Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **www. JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"

## KAGANDAHAN NG KALIKASAN




P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

## TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***